



FEDERATION OF
CALGARY COMMUNITIES

calgarycommunities.com

Mga Maliliit na Aklatan

- **Halaga:** (\$-\$\$\$)
- **Oras:** ito ay patuloy, isang (1) linggo upang itatag
- **Mga Kailangang Kasanayan:** maaaring kasanayan sa pagpapatayo
- **Mga Kailangang Tao:** isang (1) tao upang magtayo at magtatag ng maliit na aklatan at magsilbing tagapangasiwa nito.

Ano ito:

- Ang isang maliit na aklatan ay isang maliit at libre at sa kahit anong hugis mo gustuhin. Ang ideya dito ay ang maliit na aklatan ay itatayo sa inyong bakuran o sa isang pambublikong espasyo kung saan ang mga kapitbahay ay pwedeng kumuha ng aklat o mag-iwan ng aklat.

Layunin:

- Ang mga magkakapit-bahay ay nagkakaroon ng pagkakataon na makilala ang isa't isa sa pamamagitan ng pagtitipon sa paligid ng aklatan.
- Nakakahimok sa pagbabasa sa mga may sapat ng gulang at mga bata
- Tutulong makabuo ng momentum sa inyong mga programa at serbisyo ng kalipunan ng komunidad
- Isinasali ang komunidad sa pamamagitan ng pag-alok na lumahok sa mga maliliit na aklatan
- Nakakahimok ng positibong paggamit ng komunidad at mga ari-arian nito
- Maagap na pagpigil ng krimen sa komunidad

Talaan:

Bago nito:

- Maghanap ng tahanan para sa inyong maliit na aklatan sa komunidad. Ito ay pwedeng sa inyong ari-arian o sa isang pampublikong lugar kagaya ng parke o samahan ng komunidad. Kung pipiliin mo ang pampublikong espasyo, siguraduhin na kumuha ng pahintulot mula sa may-ari ng lupa o sa Lungsod.
- Pumili ng tagapangasiwa upang ingatan ang maliit na aklatan. Sya ay pwedeng isang tao o ilang mga tao na susubaybay sa pagtiyak na ang Maliit na Aklatan ay nalinis, napuno ng laman at nakaka-aya sa publiko.
- Magtayo ng maliit na aklatan o bumili sa www.littlefreelibraries.org. Maging malikhain! Ang mga maliliit na aklatan ay pwedeng magmukhang maliliit na kubol ng telepono, bahay ng mga ibon, hulugan ng sulat, at iba pa.
- Tawagan ang Alberta One Call o puntahan ang kanilang website sa www.albertaonecall.com upang magkaroon ng taong titiyak na ligtas maghukay sa lugar kung saan itatayo ang inyong aklatan.
- Mangolekta ng mga aklat mula sa pamilya, mga kaibigan o mga kapitbahay.
- Magtalaga ng isa o dalawang gaganap na taga-anunsyo. Isaalang-alang ang mga artikulo sa pahayagan, mga lalagyan ng paunawa (bulletin boards) o website ng samahan ng komunidad.

Patuloy na Gawain:

- Ang mga tagapangasiwa ay mamumuno sa paglilinis at pagpuno ng laman sa maliit na aklatan. Ito ay isang patuloy na tungkulin pagkatapos maitayo ang munting aklatan. Tiyakin na ang mga tagapangasiwa ay may sapat na imbak ng mga aklat para sa tuloy-tuloy na pagpuno ang aklatan.

Mahalagang Konsiderasyon:

- Ang mga munting aklatan ay pwedeng pandaigdigang irehistro sa www.littlefreelibraries.org sa halagang \$34.95. Kung gusto ninyong mailagay ng libre ang inyong munting aklatan sa mapa ng Calgary, sumulat sa yyclittlelibraries@gmail.com
- Isaalang-alang ang pagplano ng salu-salo sa bloke para sa pagdiriwang ng pagpapasinaya ng inyong munting aklatan sa komunidad. Siyasatin ang Mahalin Kung Saan Ka Nakatira: Maging Punong-Abala sa isang Block Party (Love Where you Live: Host a Block Party)! sa ilalim ng “Building Safe Communities’ Virtual Resource Center” sa calgarycommunities.com.
- Para sa karagdagang impormasyon sa mga Munting Aklatan, siyasatin ang mga Maliliit na Aklatan sa Pederasyon ng mga Komunidad sa Calgary.